## Awtomatikong nagbubukas ang Lungsod at County ng San Francisco ng savings account para sa kolehiyo na may paunang $50 para sa bawat mag-aaral sa K-12 na naka-enroll sa San Francisco Unified School District (SFUSD)

### MAKAKUHA NG MGA INSENTIBO

Mag-log in sa iyong account at tingnan ang iyong balanse online sa K2CSF.ORG. Magdeposito sa iyong account at lumahok sa mga aktibidad at paligsahan ng K2C para makakuha ng mga karagdagang insentibo.

### PILIIN KUNG PAANO MAKAIPON GAMIT ANG K2C

I-set up ang pagbabayad ng bayarin online sa iyong bangko, magdeposito ng cash sa isang branch ng Citibank, mag-mail ng tseke, o magsaayos ng direktang pagdeposito sa pamamagitan ng iyong employer.

### BAYARAN ANG MGA GASTUSIN SA KOLEHIYO

Magbayad para sa matrikula at mga singil, libro, supply, at iba pang pang-edukasyong gastusin sa pamamagitan ng programa ng pagsasanay para sa apat na taon sa unibersidad, kolehiyo sa komunidad, kalakalan o bokasyon.

### WALANG BAYAD

Ganap na libre ang mga K2C account - walang bayarin o singil.

### WALANG EPEKTO SA KWALIPIKASYON SA MGA PAMPUBLIKONG BENEPISYO

Hindi kailangang ihayag ang mga pondo sa K2C account kapag nag-a-apply para sa mga pampublikong benepisyo.

KINDERGARTEN TO COLLEGE

## PAANO AKO MAGSISIMULA?

✓ **HANAPIN ANG IYONG NUMERO NG ACCOUNT SA K2C**
Kakailanganin mo ang iyong numero ng account para makapagdesposito o matingnan ang iyong balanse online. Bumisita sa K2CSF.org at i-click ang "hanapin ang numero ng account (find account number)."

✓ **MAGDEPOSITO NG PERA**
Mag-ambag sa pamamagitan ng pagbabayad ng bayarin, sa personal, mail, o direktang pagdeposito. Bumisita sa K2CSF.org para sa mga detalye.

✓ **SUBAYBAYAN ONLINE ANG IYONG MGA IPON**
Pumunta sa K2CSF.org at i-click ang "Magparehistro at Tingnan ang Balanse Online (Register and View Balance Online)."

## MAKAKUHA NG MGA INSENTIBO

### $20 PARA SA PAGPAPAREHISTRO O PAGTINGIN NG BALANSE ONLINE
Magparehistro sa unang pagkakataon o mag-log in para matingnan ang iyong balanse isang beses sa isang taon ng pag-aaral at gagantimpalaan namin ang K2C account ng bawat mag-aaral ng $20 na insentibo.

### $20 NA PAGTUMBAS
Para sa bawat dolyar na maiipon mo, tutumbasan namin ito hanggang sa unang $20 na maiipon mo sa taon ng pag-aaral na ito. Halimbawa, kapag $1 ang idineposito, magdedeposito kami ng $1. Patuloy naming tutumbasan ang iyong mga ipon para sa unang $20 na maiipon mo.

### $20 NA IPON NGAYON
Para sa mga bagong bukas na account, makatanggap ng isang beses na $20 na bonus kung gagawa ka ng unang pagdeposito sa account ng iyong mag-aaral bago matapos ang taon ng pag-aaral.

**Mag-sign up sa buwanang newsletter ng K2C o i-follow kami sa Facebook at Instagram @K2CSF.**

www.k2csf.org | k2c@sfgov.org | 3-1-1 (Sa San Francisco) o 415-701-2311